

Office of Civil Rights (OCR)
FACTSHEET ng
Environmental Protection Agency
(EPA)

Ang Office of Civil Rights (OCR) ng U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay may malawak na misyon. Ang OCR ay may responsibilidad sa pagsasagawa ng apat na mga programang kritikal sa misyon. Ang tatlo sa mga ito ay nakakaapekto sa mga manggagawa ng EPA, na kinbibilangan ng: pagpoproseso, at paglulutas sa mga nagrereklamo na may kinalaman sa diskriminasyon na isinampa ng mga empleyado ng EPA at ng mga aplikante sa trabaho; pamamanihala at pakikipag-ayo sa Reasonable Accommodations Program ng EPA para sa mga empleyadong may kapansanan; at, pagkikilala at pag-aalis sa mga hadlang para sa patas na pagtatrabaho. Kabilang sa misyon ng OCR ang pananagutan sa pagpapatupad ng maraming mga Pederal na batas para sa karapatang sibil na kasamang nagbabawal laban sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa (kasama na ang limitadong kahusayan sa wikang Ingles), kapansanan, kasarian at edad, sa mga programa o aktibidad na tumatanggap ng pederal na pinansiyal na tulong o federal financial assistance (FFA) mula sa EPA.

External Compliance Program (Programa para sa Panlabas na Pagsunod sa Patakaran): Ang OCR na Programa na ito ay may pananagutan sa pagpapatupad ng ialng mga batas para sa karapatang sibil na magkasamang nagbabawal sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa (kasama sa batayan ang may limitadong kahusayan sa wikang Ingles); kasarian; kapansanan, at edad ng mga aplikante at mga tumatanggap ng pederal na pinansiyal na tulong mula sa EPA. (Title VI ng Civil Rights Act of 1964, Title IX ng Education Amendments of 1972, Section 504 ng Rehabilitation Act of 1973, at ang Age Discrimination Act of 1975.) Ang External Compliance Program ay may pananagutan rin sa pagpapatupad ng Section 13 ng Federal Water Pollution Control Act Amendments of 1972 na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa kasarian sa ilalim ng mga programa o aktibidad na tumatanggap ng pinansiyal na tulong sa ilalim ng Clean Water Act.

Employment Complaints Resolution Program (Programa para sa Paglulutas ng mga Reklamo sa Trabaho): Ang programang ito ay may pananagutan sa pagtutugon sa mga reklamo ng diskriminasyon, kasama na iyong pumapailalim sa Title VII Civil Rights Act of 1964, na nagpapatupad ng diskriminasyon batay sa lahi; kulay; relihiyon; kasarian, kabilang na ang pagbubuntis, stereotyping batay sa kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian o pagpapahayag ng kasarian; pinagmulang bansa; sexual orientation; pisikal o pangkaisipang kapansanan; edad; protekdaong genetic na impormasyon; katayuan bilang isang magulang na marital status; kinaaanibang politikal; o paghihiganti batay sa nakaraang EPO na aktibidad, laban sa mga empleyado ng EPA at aplikante para sa pederal na EPA na pagtatrabaho. Ang Environmental Protection Agency ay may pananagutan sa pagkakaloob ng patas na oportunidad sa pagtatrabaho; na inaalis ang diskriminasyon sa trabaho; at pinananatili ang isang kapaligiran na malaya mula sa anumang anyo ng ipinagbabawal na diskriminasyon. Ang Ahensya ay magkakaloob ng isang mabilis, patas at walang kinikilingang pagrerepaso, at pagpapasya sa anumang alegasyon ng diskriminasyon. Kami ay may pananagutan sa mga prinsipyo para sa patas na oportunidad sa trabaho at mga pamamalakad sa lahat ng aming mga desisyon sa pangangasiwa at mga pamamalakad ng aming mga tauhan.

Affirmative Employment Analysis and Accountability Program (Programa para sa Katig na Pagsusuri sa Trabaho at Pananagutan): Ang AEAA Programa ay responsable para sa pagkakaloob ng pamumuno, pamamahala at payo sa mga manager at supervisor para matulungan sila sa pagpapatupad ng patas na oportunidad at mga responsibilidad na umaayon sa karapatan sibil. Bilang karagdagan, ang AEAA ay namamanihala sa patuloy na katig na programa ng EPA para maitaguyod ang patas na oportunidad sa trabaho, ma-develop ang panloob na mga patakaran/pamamalakad ng EEO, at nagbibigay kalingat sa, at technical na tulong sa Headquarters, mga tanggapan ng pangasiwaan ng programa, mga opisina at laboratoryo sa rehiyon. Ang AEAA ay may pananagutan sa pagde-develop ng EPA Affirmative Employment Program Plan at para sa kailangang gawin na pag-iidat sa ilalim ng Equal Employment Opportunity Commission's Management Directive 715 (MD-715), na nagkakaloob ng mga gabay sa pagkikilala ng mga sanhi at pagsasagawa ng mga pagsusuri sa mga balakid sa loob ng puwersa ng manggagawa. Kabilang sa plano ng MD-715 ang lahat ng mga opisina ng programa, rehiyon at laboratoryo ng EPA:

Reasonable Accommodation Program (Programa para sa Makatuwirang Akomodasyon): Ang Rehabilitation Act of 1973 (Section 501), tulad nang pagkakasugog dito, ay hinihiling mula sa EPA na magbigay ng makatuwirang akomodasyon sa mga indibiduwal na may kapansanan, maliban na lang kung magiging sanhi ito ng higit sa nararapat na kahirapan. Ang makatuwirang akomodasyon ay anumang pagbabago sa lugar ng trabaho o sa paraan kung paano isinasagawa ang trabaho na nagpapahintulot sa isang taong may kapansanan na malugod ang mga oportunidad para sa patas na pagtatrabaho. Kahit na

maraming mga indibiduwal na may kapansanan ang maaaring mag-apply at magtrabaho kahit na walang makatuwirang akomodasyon, ang mga balakid sa lugar ng trabaho ay maaaring maging balakid sa ibang magampanan ang mga trabaho na dapat nilang gawin sa tulong ng kaunting akomodasyon. Ang mga balakid na ito ay maaaring mga pisikal na hadlang (tulad ng mga hindi magamit na mga pasilidad o kagamitan), o maaaring mga pamamalakad o tuntunin ito (tulad ng mga tuntunin na may kinalaman kapag isinasagawa ang trabaho, kapag nagpapahinga mula sa trabaho, o kung paano ginagawa ang trabaho). Ang makatuwirang akomodasyon ay nag-aalis sa mga balakid sa lugar ng trabaho para sa mga indibiduwal na may kapansanan. Pinangangasiwaan ng OCR ang pambansang programa para sa makatuwirang akomodasyon ng EPA at ang mga nauugnay na aktibidad na ginagawa sa organisasyon, kasama na ang pagpoproseso ng mga kahilingan para makatanggap ng akomodasyon, pagbibigay gabay at pagsasanay sa mga manager at supervisor tungkol sa makatuwirang akomodasyon.